

PROLOGUE

“Bianca, anak, halika rito at may ipapakilala kami sa iyo ng daddy mo,” tawag ng ginang sa limang taong gulang na si Bianca mula sa ikalawang palapag ng kanilang bahay.

Hawak ang pink *Barbie* doll ay patakbo siyang tumalima sa utos ng kanyang ina. “Yes, Mommy!”

Dumaan siya sa back door ng bahay kaya walang nakakita sa kanya nang pumasok siya sa loob. Naulinigan niya ang tila pagdidiskusyon ng isang matandang babae at isang batang lalaki habang nakaupo sa sofa sa kanilang sala.

“Mama, gusto ko nang umuwi sa hacienda,” nakasimangot na sabi ng isang batang lalaki. Pinagsalikop nito ang dalawang kamay sa dibdib. “Ano ba ang kailangan nating gawin dito?”

“Luke, may mahalagang pag-uusapan lang ang papa mo at ang Tito Enrico mo. Pagkatapos nito ay uuwi din tayo. Dito ka lang.”

Dahil nag-iisang anak ay sabik sa kalaro si Bianca. Anumang pilit niya sa mga magulang na hayaan siyang lumabas para maglaro sa kalye ng exclusive

subdivision na tinitirhan nila ay ayaw pumayag ng mga ito.

Kaya nang makitang umalis na ang babae ay unti-unti siyang lumapit sa matangkad at maputing bata. Sa wakas ay magkakaroon na rin siya ng kaibigan.

Nang magawi ang mga mata nito sa kanya ay ngumiti siya at ikinaway ang isang kamay bilang pagbati. “Hello, Kuya...”

Saglit na katahimikan. Tinitigan siya nito mula ulo hanggang paa. “What do you want?” anito na bakas ang disgusto sa mukha. “Go away!”

Pagkarinig niyon ay kumaripas siya ng takbo patungo sa hardin. Ilang beses pa siyang ipinatawag ng mommy niya sa isa sa mga katulong, ngunit hindi siya nagpakita hangga’t hindi pa nakaalis ang kanilang mga bisita.

That day only became a faint memory in her life. Lumipas ang mga taon at nawala na ang masungit na batang iyon sa kanyang alaala.

1

Nagpapahinga si Luke matapos ang tatlong oras na walang-tigil na pakikipagniig sa kanyang date, pero gusto na niyang umuwi sa kanyang condominium unit sa Makati. Gusto niyang matulog nang mag-isa.

Nasa Maynila siya nang araw na iyon para makipag-meeting sa isang malaking kliyente. Pagod na pagod na ang katawan niya, pero hindi pa rin niya maipikit ang mga mata kahit na anong pilit niya.

“Honey, you were so good,” sabi ni Stella, the woman he had been dating on and off for three months. Chief editor ito ng isang sikat na society magazine.

Maganda ito at matalino. Bukod doon ay galing din ito sa mabuting pamilya kaya kahit na sinong lalaki ay wala nang hahanapin pa.

Padapa siyang nakahiga sa kama habang minamasaha ng babae ang likod niya. She was straddling him from behind. “Kung dadalasan mo lang sana ang pagpunta mo rito. We could do this more often.”

“Stella, you know how busy I am these days,”

wala sa loob na sabi niya, sabay tingin sa relong pambisig.

Dumukwang ito para yakapin siya. “Ikaw kasi, ayaw mo pa rin akong dalhin sa inyo para hindi ka na kailangang pumunta rito. Magaling akong magluto, hindi ba? Siguradong magugustuhan ako ng mama mo.”

He secretly rolled his eyes. *Nandito na naman po tayo...*

Itinukod ni Luke ang dalawang kamay sa higaan at dahan-dahang tumayo. “Speaking of which, kailangan ko na palang umalis. You can stay here for as long as you like,” tukoy niya sa hotel room na kinaroroonan nila.

Sadyang hindi siya komportable na may katabi sa pagtulog kaya lahat na yata ng dahilan ay nasabi na niya sa mga babaeng nakakaniig niya. Ayaw niyang gumising sa umaga na masisilayan niya sa kanyang tabi ang sinumang babaeng naikama niya.

“What?” takang tanong nito. “Luke, I thought you wanted more—”

“I did. I still do,” he lazily replied. “Kaya lang ay maaga pa akong uuwi sa hacienda bukas. I have to be at the helipad at four in the morning.”

“So what? P’wede namang dito ka na lang muna matulog sa tabi ko.”

Kinuha niya ang polo shirt mula sa sahi at isinuot. “Stella, I really have to go.”

Pagkatapos magbihis ay hinalikan niya sa pisngi ang babae at nagpaalam sa kabila ng mariing pagtutol nito. Habang nasa daan ay tumawag ang kanyang ina para siguruhing makakauwi siya kinaumagahan. Sinabi nito na mayroon silang importanteng pag-uusapan.

“Hi, Mom. Good morning, Dad!” magiliw na bati ni Bianca at humalik sa pisngi ng mga magulang nang mabungaran niya ang mga ito na nag-aalmusal sa hardin ng malaking bahay. “Sabi ni Yaya Gelay ay ipinapatawag n’yo raw ako.”

Nahihikab pa siya sa sobrang antok. Tensyonadong ngumiti ang kanyang ina na si Merenisa Mijares. “Hija, mukhang nangangalumata ka yata ngayong umaga?”

“Sunod-sunod kasi ang mga TV commercials na ginawa ko ngayong linggo, Mom. I decided not to accept any projects for next month. Kailangan ko ng mahaba-habang bakasyon.”

Isa siyang commercial model at the same time ay tumatanggap ng assignment para sa fashion shows, part-time nga lamang. Ilang beses na siyang hinimok ng mga talent scouts na pumasok sa pag-aartista, pero tinanggihan niya lahat ng mga ito. Showbiz was not for her.

“That’s good news, hija! We have a family friend who owns a vast hacienda somewhere in the North. P’wedeng doon ka muna... m-magbakasyon.”

“Hacienda? Mom, that’s so boring. I’m thinking of Boracay or Palawan.” Ano naman ang gagawin niya sa isang hacienda kung sakali? Wala sigurong Internet doon, air-con o kaya ay TV man lang. Hindi yata siya mabubuhay sa ganoong lugar kahit isang araw man lang.

Tumikhim si Don Enrico. “Bianca Marie, umupo ka muna.” Iminuwestra nito ang kamay pababa. “Sumabay ka na sa aming kumain.” Umupo siya sa tabi ng ina.

Kumunot ang noo niya sa nakitang kaseryosohan sa mukha ng mga ito. Tinatawag lamang siya ng kanyang ama sa buo niyang pangalan kapag may importante itong sasabihin sa kanya.

“What’s with the weird look on your faces? May

nangyari bang masama?”

Saglit na napipilan ang mga ito na tila hindi alam kung ano ang sasabihin. She had always been their little princess. Dahil nag-iisang anak ay sinunod ng mga ito ang lahat ng luho niya at ibinigay ang anumang gustuhin niya.

“Uhm... wala naman, anak. M-may gusto lang sana kaming sabihin sa iyo,” sabi ng ina. “Remember your Tito Menandro and Tita Carmen?”

“No, not really,” simpleng tugon niya, sabay kuha ng diyaryo mula sa lamesa. Inisa-isa niya sa isip ang mga gagawin para sa product launching na dadaluhan niya mamayang gabi. Kailangan niyang paghandaan iyon nang husto dahil isang international brand ng shampoo ang iniendorso niya. It was an opportunity of a lifetime.

Pero sa kabila niyon ay hindi niya maiwasang maghinala sa kakaibang ikinikilos ng mga magulang. They’ve been like this for days!

Ngumiti nang bahagya ang kanyang ama. “Bata ka pa kasi nang huli silang magpunta rito sa bahay. Sadly, your Tito Menandro died two years ago.”

“Mabait ang pamilyang iyon, anak. They’re one of the richest in the country. Pero matulungin

silá at marunong makipagkapwa-tao.” Saglit na nagkatinginan ang kanyang mga magulang.

Napansin niya iyon. “Where is this conversation going, Daddy?” tila nagdududang tanong niya.

Tumikhim ito. “W-well...”

“Hija, what we are doing is all for the best,” agaw ng mommy niya. “Ang tanging gusto namin ay isang komportableng buhay para sa iyo.”

Kumunot ang noo niya. Tension was slowly building up inside her. “What do you mean by that, Mom?”

“B-Bianca, hija, they have a son. He’s twenty-nine years old. A few years older than you—”

“Five years older than me,” pagtatama niya. “So what?”

“Ilang taon siyang nag-aral sa States, pero agad din siyang bumalik dito para pamahalaan ang kanilang mga lupain,” pagpapatuloy ng daddy niya sa sinasabi ng ginang. “H-he will be a suitable groom.”

Pakiramdam niya ay lumindol sa ilalim ng paa niya. Huwag naman sana!

“Groom? B-bakit, sino ba ang ikakasal?”

Matagal na katahimikan ang naghari sa mag-anak bago muling nagsalita ang kanyang ama.

“Bianca, anak, kayo ang ikakasal. In three weeks’ time.”

Nanlaki ang mga mata niya sa kabiglaanan dahil sa narinig. “What!”

“What!” Dumagundong ang boses ni Luke sa apat na sulok ng mansion. “Hell will freeze over but I will not marry her!”

“Anak, hindi mo pa naman kilala si Bianca—”

“Oh, I know her, all right! Laman siya ng lahat ng mga society pages at tabloids sa buong Kamaynilaan.”

He shook his head violently. Napakapribado niyang tao. Kahit nabibilang siya sa isa sa pinakamaiimpluwensyang pamilya sa buong Pilipinas ay hindi siya komportable sa harap ng media. He valued peace and quiet.

Gusto niya ng payapang buhay kaya mas nanaisin pa niyang gugulin ang oras sa pagpapalago ng kanilang hacienda kaysa makisalamuha sa mayayaman niyang kaibigan sa Maynila.

So what the hell was that woman going to do in a place like this? Gayong sanay na sanay ito sa nagkikislapang mga ilaw at mabilis na pamumuhay sa lungsod.

Kaya halos makalog ang utak ni Luke nang marinig na ipakakasal sila ng babaeng iyon. She was a complete departure from what he wanted for a wife. Bed partner siguro, pero asawa? No way!

“Dating katiwala ng lolo mo sa isang bahay natin sa Maynila ang ama ni Bianca. Her father saved your father’s life when they were just teenagers. Hindi na sila masyadong nagkita mula noon, pero tinanaw ng papa mo na malaking utang-na-loob ang nangyaring iyon.”

“What has that got to do with that us?”

“I-isa sa mga ipinagbilin ng ama mo bago siya sumakabilang-buhay ay huwag nating pabayaang kanilang pamilya sa oras ng pangangailangan.”

“Ibigay n’yo sa kanila ang kalahati ng kayamanan natin. I don’t care. Basta huwag n’yo lang akong ipakakasal sa babaeng ’yon!”

“Hindi mo naiintindihan, anak. Enrico is a self-made man. Mula sa pagiging katiwala ay nagpursigi siya para makapagpatayo ng sariling negosyo. He’s

not going to beg for alms from anyone.”

“But he’s going to use his own daughter as collateral,” sarkastikong tugon niya.

“No, not really, anak. Sa palagay ko ay matagal nang may kasunduan ang dalawang iyon na ipakasal kayo pagdating ng panahon. I heard them talk about it, minsang nagkita sila ng papa mo.”

“Pero bakit ngayon lang? P’wede naman sana noon pang nabubuhay si Papa. I could have convinced him against it.”

“Because Enrico didn’t need our help back then. Your father offered his help a lot of times. Pero hindi niya iyon tinanggap hanggang kaya pa.”

“What made him change his mind?”

“His company is nearing bankruptcy. Tatlo sa mga pinagkakatiwalaan niyang tao ang unti-unting nagnakaw ng pondo ng kompanya sa loob ng maraming taon. He trusted them with his life. Iyon ang malaking pagkakamali niya.”

Minsan na rin niyang narinig ang tungkol sa balitang iyon. Maliit na mundo lang ang ginagalawan nila kaya kahit hindi niya nakilala nang personal ang matanda ay narinig ni Luke ang mabilis na

pagbulusok nito.

Enrico Mijares was an esteemed player in the food industry. Processed meat at dried fruits ang mga pangunahing produkto ng kompanya nito.

“Son, your father wants you to do this, wherever he is...” pagkuwan ay sabi ng kanyang ina, sabay yakap sa kanya. “Ikaliligaya niya kapag pinakasalan mo ang anak ng taong pinagkakautangan niya ng loob.”

“Gaano ba kalaki ang utang ng papa sa taong iyon?”

“Bianca’s father took a bullet for him. They were young then and—”

“Great,” aniya, sabay taas ng mga kamay niya sa ere. “Now I’m taking the bullet for him. Wow!”

“Luke!” tila naeskandalong sabi ni Carmen.

“I’m sorry, Ma. I didn’t mean to say that.” Bumuntong-hininga siya.

Lumapit ito para hawakan siya sa braso. “Anak, this is your father’s dying wish. At iyan din sana ang hihilingin ko mula sa iyo.”

He secretly groaned in frustration. Iyon na

lamang ang magagawa niya bilang pagtutol. Ayaw niyang dumagdag pa sa mga suliranin ng kanyang ina. Mula nang mamatay ang papa niya ay naging malungkutin na ito at tila palaging wala sa sarili. Mahal na mahal ng mga magulang niya ang isa't isa.

“Okay, Mama. I’ll marry her, if that’s what you want.” Maging siya ay nagulat din sa agaran niyang pagpayag sa gusto nito.

“Really, anak?” Nagningning ang mga mata nito sa tuwa. “You two will make a great pair. Sa wakas ay magkakaroon na rin ako ng mga apo!”

Grandchildren. Iyon ang palaging bukambibig ng kanyang ina. Pero masyado siyang naging abala sa pamamahala ng mga ari-arian nila kaya nakalimutan na niyang humanap ng isang seryosong relasyon.

Luke had a lot of flings but never a serious girlfriend. Ang plano niya ay mag-asawa ng isang babaeng taga-hacienda pagdating ng panahon. Isang babaeng mabait, marangal, maalaga, at higit sa lahat ay s-i-m-p-l-e!

Iyong tipong mapapakisamahan niya at tutulungan siyang palaguin ang malawak na lupaing minahal na niya nang lubos mula pa pagkabata. Pero kapag sila ng Bianca na iyon ang magkakatuluyan

ay sigurado na ang pagbaligtad ng payapang mundo niya. *Shit!*

Napangiwi siya. “I wouldn’t really bet on that, Mama. Hindi pa natin alam kung talagang magkakasundo kami ng mapapangasawa ko.”

“Oh, I’m sure Enrico raised a good daughter. I heard she’s really beautiful. Pasasaan ba at mahuhulog din ang loob mo sa kanya.”

Lihim niyang ikinangiwi ang sinabing iyon ng kanyang ina. All he knew was that his peaceful life as a bachelor was over. Ano ba ang pumasok sa isip ng babaeng iyon at pumayag kaagad?

2

“Bianca, my dear, ano itong narinig ko na ikakasal ka na raw?” curious na tanong sa kanya ni Mavi, ang kanyang bading na talent manager.

Katatapos lang ng matagumpay na fashion show na inihanda nila nang gabing iyon, pero ngingangatngat pa rin ng tensyon ang puso niya. Pinal na ang desisyon ng kanyang mga magulang. She would be a married woman in a few weeks’ time!

“Iyon nga ang itinawag ko sa iyo, Mav. Do any of my contracts stipulate that I shouldn’t be married in the next ten years?”

Tumawa ito. “Gaga, hindi naman ganoon kalupit ang mga kompanyang ini-endorse mo, ’no!” anito, sabay lagok ng juice mula sa hawak na baso. “Isa pa, ayokong pinakikialaman nila ang personal na buhay ng mga alaga ko.”

“Oh my, I’m so dead. Mukhang mapipilitan talaga akong pakasal sa lalaking iyon,” aniya na bahagyang natigilan. “T-teka, Mav, hindi ka ba nagagalit?”

Lumabi ito. “Bakit ako magagalit? Eh, alam mo naman ang motto ko. Everybody happy. Kung saan

kayo masaya, doon din ako.”

She sighed. “Who said I’m happy with this arrangement?”

“Bakit, sino ba itong pakakasalan mo?”

“Luke Gabriel Garchitorena raw ang pangalan niya.”

“Raw? Hindi pa ba kayo nagkikita?”

Marahan siyang umiling.

“Ever?”

“Siguro.” Nagkibit-balikat siya. “Hindi ko na matandaan. Pero ewan ko ba kay Daddy at bigla na lang naisipan na ipakasal ako sa kung sinong lalaki d’yan.”

“Grabe! Uso pa pala ang arranged marriages sa mga panahong ito.” Napapalatak ito.

“Sinabi mo pa,” maktol niya. “Kawawa naman ako. Para akong ibinenta ng daddy at mommy ko ng por kilo. He’s so unfair!”

“Eh, bakit ka ba niya pinipilit magpakasal? Hindi naman siguro kayo namumulubi. Even so, malaki ang kita mo bilang commercial model.”

“My gosh, Mav! Kailan ko lang nalaman na nalulugi na pala ang kompanya namin. Milyones daw ang nadispalko ng accountant niya. I had no idea! Kaya ayun, he probably offered me to the first man who wanted to marry me.”

Sa tuwing maaalala ni Bianca ang naging pag-uusap nila ng kanyang ama ay hindi niya maiwasang maawa rito. He looked so helpless and so vulnerable. Ni minsan ay hindi ito humingi ng kahit na anong pabor sa kanya. Ngayon lang.

“Hoy! Hindi naman siguro ganoon kasama ang daddy mo. Believe me, dear, your father loves you too much to just give you away to a nobody,” katuwiran ng talent manager.

“Sabi ko nga sa kanya sasagutin ko na lang ang isa sa mga manliligaw ko. At least, I can still choose who I will marry. Pero hindi siya pumayag.” Napasimangot pa siya.

“Aba’y bakit daw? Mayayaman din naman ang mga nanliligaw sa iyo, ah.”

Some of her suitors were the most eligible bachelors in town. Pero ayaw niya sa mga lalaking iyon dahil pakiramdam niya ay hindi talaga siya mahal ng mga ito. They probably just wanted to bed

her, and that's it. Hindi siya sigurado kung seryoso ang mga ito sa kanya.

Tumirik ang mga mata niya. So much for the bratty image that the media gave her. Sa kagustuhan ng mga itong palaging may mapag-usapan ay kung anu-anong tsismis ang hinabi ng mga ito tungkol sa kanya. Hindi pa siya artista sa lagay na iyon!

“Well, apparently, mas mayaman ang Luke Garchitorea na iyon kaysa sa kanila. At dati raw kaibigan ng papa niya ang daddy ko. Our marriage is probably an agreement between old friends. Imagine!”

Napag-alaman niyang matagal na siyang naipagkasundo ng mga magulang, pero ngayon lamang nagkalakas ng loob ang mga ito na sabihin sa kanya. Napailing siya.

“Garchitorea ba 'ika mo ang apelyido?” paniniguro ni Mavi na tila may malalim na iniisip. “Pamilyar sa akin ang pangalan niya. Hayaan mo at magtatanong-tanong ako.”

Saglit na katahimikan ang namagitan sa manager at alaga. “So paano 'yan, I have to leave na tomorrow. Samahan mo naman ako, o,” pakiusap niya. “Tatlong linggo na mula ngayon ang civil wedding ko and I

even don't know what to do.”

“Bianca, gustuhin ko man ay hindi rin p'wede. Marami pa akong naiwang kompromiso rito. But I promise, I'll be at your church wedding,” anito, sabay kindat. “Matagal pa naman iyon, hindi ba?”

Sabi ng mama niya ay magaganap ang engrandeng kasal nila ni Luke sa simbahan walong buwan mula ngayon. Magiging malaki at marangya ang kasalan kaya kailangan iyong paghandaan nang mabuti.

Nalukot ang mukha niya. “Okay. Basta, dadalawin mo ako doon.”

“Sure,” sang-ayon nito. “Pero bago iyan ay ikaw muna ang dumalaw rito. Marami ka pang trabahong naiwan. You signed some contracts, my dear. Hindi mo p'wedeng takbuhan ang mga iyon.”

“I know.” She heaved a sigh. “Sabi ng Daddy ay doon daw muna ako titira sa hacienda. Pero pagkatapos ng kasal ay babalik din ako kaagad.”

Hindi muna niya sinabi kay Mavi ang posibilidad na baka roon na siya permanenteng tumira sa hacienda kapag hindi pumayag ang Luke na iyon na magtrabaho siya.

“Hoy, Bianca! Baka naman pagbalik mo dito

preggers ka na,” natatawang sabi nito. “Huwag muna. Marami pa tayong projects na kailangang tapusin.”

Biglang lumundag ang puso niya sa sinabi ng kausap. She was speechless. Sa sobrang tensyon ay nawaglit na sa isip niya na kailangan pala niyang sumiping sa kanyang magiging asawa. *Oh, my God! Hindi ko kaya!*

“M-Mav, do I really have to sleep with my husband?”

Humalakhak ito. “Ano ba namang klaseng tanong iyan? Of course, dear! Husband nga ang tawag kasi mag-se-sex kayo! Hindi na big deal iyon kapag asawa ka na niya.”

Lumabi siya. “Para sa akin, big deal ’yon. I saved myself for the one I love, ’tapos ganito lang pala ang mangyayari.”

“Luka-luka ka talaga. Eh, wala ka na ngang choice. Kaya mag-enjoy ka na lang sa magiging sex life ninyo kung sakali.”

“Paano kung kalbo siya at malaki ang tiyan?”

“Then you’re in deep trouble, girl,” anito, sabay tawa. “Ipagdasal mo na lang na kompleto pa ang lahat ng ngipin niya.”

“Mavi, you’re so bad,” saway niya. “May problema na nga ’yung tao, ginagatungan mo pa.”

Ilang beses niyang ipinilig ang ulo para iwaksi ang larawan ng isang nakangising lalaki na nakakalbo na at malaki ang tiyan mula sa isip niya. *Eww! Yuck! Kadiri!*

Kumibit-balikat ito. “Sinagot ko lang ang tanong mo.”

Ilang sandali pa ay may tumawag na kay Mavi kaya wala itong nagawa kundi iwan siya. Bianca was left staring at the red wall in front of her.

The thought of having physical intimacy with a man she never even met gave her goosebumps. Ngayon pa lang ay gusto na niyang suwayin ang mga magulang at magpakalayo-layo kung kinakailangan.

“Yaya Gelay, kilala n’yo ho ba kung sino ang mapapangasawa ko?” tanong niya sa matandang babae na naging tagapag-alaga na niya mula pa pagkabata.

Nasa daan sila patungo sa *Hacienda Carmencita* kung saan nakatira ang kanyang mapapangasawa. Walang katapusang puno ng mangga at lansones

ang nakatanim sa gilid ng sementadong daan na tinatahak nila.

Pakiramdam ni Bianca ay napunta siya sa sinaunang panahon. Sa gilid ng daan ay nakikita niya ang mga taong may nakapaskil na ngiti sa mga labi habang nagbabanat ng buto. Bihira na lamang niya nakikita ang mga ngiting kagaya niyon sa pinanggalingan niya.

Tutol man ang isip niya ay may palagay siyang magugustuhan niyang tumira sa lugar na ito. It looked so peaceful and so calm. Hindi na yata kailangan ng air-con dito o anumang makabagong gamit para mabuhay. It was beautiful.

“Aba’y hindi ko pa siya nakikita. Wala akong ideya. Ang alam ko lang ay napakayaman ng pamilya nila. Maliban sa haciendang ito ay may mga lupain din sila sa karatig-bayan.”

“Kuya Abner,” tawag niya sa kanilang driver, “kayo ho ba may alam? Kayo naman ho ang palaging kasama ng Daddy, hindi ba?”

“Oo,” anito na hindi inaalis ang mga mata sa daraanan. Komportable na rin ito sa kanya dahil halos sampung taon na itong naninilbihan sa kanila.

“Talaga ho? Ano’ng hitsura ng mapapangasawa

ko? Guwapo ho ba?”

Kahit nakatalikod ay alam niyang napangiti ang lalaki sa tinuran niya. “Secret.”

“Kuya Abner naman, eh, sabihin n’yo na! Please!”

“Sabihin na nating mabibigla ka kapag nakita mo siya.”

Nanghilakbot siya sa mga narinig. Natampal niya ang noo sa sobrang tensyon. My gosh, baka talagang kalbo ito at malaki ang tiyan!

“Bakit ba kasi iyan ang pinoproblema mo? Hindi ka ba natatakot na baka masama ang ugali ng mapapangasawa mo?”

“Yaya Gelay, ang ugali ho, napapalitan. Pero ang mukha at katawan, hindi na. Ayoko naman ho ng retokadong asawa!”

Sabay na natawa ang mga kasama niya.

“Pero seryoso, Kuya Abner. Feeling n’yo, mabait ang husband-to-be ko?” pangungulit pa rin ng dalaga.

Napakamot ito ng ulo. “Siguro, mabait naman. Pero minsan ko lang nakitang ngumiti. ”Tapos nasa malayo pa kami nang makita ko.”

“O, nandito na pala tayo,” putol ni Yaya Gelay sa

pag-uusap nila ng driver. “Baba na at kanina pa raw nila tayo hinihintay.”

The dark blue SUV parked in front of a sprawling white mansion with a huge garden in front. Bianca was awed by its grandeur and its antique charm. Napakaganda ng bahay!

“Kayo na ho ang mauna, Yaya. Tingnan n’yo muna kung mababait ang mga tao rito. Kung bakit kasi nagpaiwan pa ang Mommy at Daddy sa Maynila.”

“Alam mo naman maraming inaasikaso ang daddy mo. At saka mas gusto nilang magkasarilinan kayo ng mapapangasawa mo bago kayo maikasal. Ang sabi ay darating din sila sa araw ng kasal ninyo.”

Magiliw silang pinapasok ng katulong sa malaking gate ng mansion.

“Bianca, hija, you’re here!” masiglang bati sa kanya ng butihing may-ari ng bahay, sabay yakap sa kanya.

The woman looked like she was a beauty queen in her younger years. Napakaganda pa rin nito sa kabila ng mga mumunting kulubot sa mukha na dala ng katandaan. Maliban doon ay bata pa rin itong

tingnan.

“G-good afternoon po,” aniya, sabay ganti ng halik dito.

Carmen smiled. “Napakagandang bata,” anito habang nakahawak sa pisngi niya. “Siguradong ma-i-in love agad sa iyo ang unico hijo ko. And I’m sure you two will have very good-looking children!”

Nanindig ang balahibo niya. *Good-looking children?* Hindi pa man ay mga apo na kaagad ang gusto nitong pag-usapan. *Que horror!*

“Isay, tawagin mo ang Kuya Luke mo,” pagkuwan ay utos nito sa isa sa limang katulong na naroroon. “Sabihin mong dumating na ang mga bisita. Sa tingin ko ay nasa library siya ngayon.”

“There’s no need, Mama. I’m here,” sabi ng baritonong boses na tila nagpakabog sa puso niya. His voice was so virile and masculine. Iyon pa lang ang naririnig niya ay in love na yata siya! Sinaway niya ang sarili sa naisip.

Dahan-dahan siyang tumingala patungo sa itaas na bahagi ng hagdanan. Napasinghap siya. He was standing there like a Roman god surveying his people. The man looked strangely familiar. Pero hindi niya matandaan kung saan niya ito nakita.

He was wearing a white shirt underneath a blue button down shirt, faded jeans and brown cowboy boots. At latigo ba talaga ang nakikita niyang nakasukbit sa bulsa nito sa likuran?

Wala sa loob na napahawak siya sa manggas ng uniform na suot ni Yaya Gelay. *Gosh, baka naman sadista ang lalaking ito!*

“Luke, hijo, come down. I’m sure you’re excited to meet Bianca.”

Hindi ito sumagot bagkus ay dahan-dahang bumaba sa hagdanan habang nakatitig sa kanya. His eyes were boring into her. Na tila ba inaarok ang buong pagkatao niya.

Sanay siyang tinitingnan ng mga tao lalo na ng kalalakihan, pero sa pagkakataong ito ay tila gusto niyang manliit. The man descending down the stairs looked so intimidating.

“O, p’wede ka nang huminga nang maluwag,” bulong sa kanya ni Yaya Gelay. “Tisoy naman pala iyang mapapangasawa mo. Kaguwapong bata!”

Nagsasabi ng totoo ang matanda. Her fiancé was a handsome Spanish mestizo. He was tall and lean with slightly bronzed skin. Marahil nakuha nito iyon sa madalas na pagbibilad sa ilalim ng araw.

Tiyak na marami sa mga lalaking kasamahan niya ang ilalampaso nito kapag ginawa nitong career ang pagmomodelo.

“Yaya Gelay!” disimuladong saway niya rito. “Baka marinig ka at kung ano pa ang sabihin.” *In fairness, yummy naman talaga siya...*

“Kuu, nagsasabi lang naman ako ng totoo!”

“Good afternoon,” pormal na sabi ng binata na noon ay nakatayo na sa tabi ng ina paharap sa kanila.

Bahagya niyang iniyuko ang ulo bilang pagtugon.

“Hijo, meet Bianca, your lovely fiancée.”

“Hello,” anito na hindi man lang nakuhang ngumiti.

Bahagyang tumaas ang kilay niya sa ipinapakita nitong kagaspangan sa kanya. Maging sina Yaya Gelay at Kuya Abner ay nagkatinginan.

Pumalampak ang ginang marahil para pawiin ang tensyon na namumuo sa pagitan nila ni Luke. “Hijo, hindi mo ba ipapasyal ang mapapangasawa mo sa buong hacienda?”

“I’m a bit busy right now—”

“Hijo, you’re going to be married in a few days’

time. Dapat lang na magkakilala muna kayong mabuti. Don't worry, I'll ask Mang Igme to cover for you."

Nang makita ang disgusto sa mukha ng binata ay inirapan ito ni Bianca. Unti-unti na ring tumubo ang inis niya para rito. *Kung ayaw mo, eh, di huwag!*

"No, Tita. It's okay." Matamis siyang ngumiti. "I really don't want to disturb anyone. P'wede naman akong—"

"No, no, hija, I insist. Ilang araw na lang at magiging maybahay ka na ni Luke. Kailangan mong makilala ang mga tauhan namin dito sa hacienda." Hinarap ng ginang si Luke. "Siyanga pala, hijo, dadating daw ang pinsan mong si Jenna kasama ng baby niya. Mainam nga at may makakasama si Bianca kapag wala ka rito sa bahay."

"Okay. Kayo ang bahala," simpleng sagot ng lalaki, sabay sulyap sa kanya.

Iyon lang at siya naman ang hinarap nito. "I'm really glad to meet you, hija. Si Luke na ang bahala sa iyo. Nasa kuwarto lang ako kapag may kailangan ka."

Napuno ng katahimikan ang buong sala.

“Paano, Bianca, aalis na rin kami,” mayamaya pa ay sabi ng driver habang inaakay si Yaya Gelay palabas ng pinto. “Pinababalik agad kami ng papa mo pagkatapos ka naming ihatid.”

“Oh, my God! Yaya, Kuya Abner! Huwag n’yo akong iwan dito, please...!” pigil niya sa mahina ngunit natatarantang tinig.

“Bianca, kailangan na naming umalis,” saway sa kanya ni Yaya Gelay. “Dapat ay ang mapapangasawa mo ang kasama mo at hindi kami.”

“Pero ayoko—” aniya, sabay sulyap sa tila naiiritang binata.

“Be ready in ten minutes,” putol nito sa sinasabi niya. “Wear something comfortable. I’ll wait for you outside. Dalian mo at marami pa akong gagawin.” Iyon at lumayas na ito sa harapan niya at tinungo ang malaking pinto ng mansion.

Aba’t...! Bastos! She was beyond furious. Sa buong buhay niya ay ngayon lamang siya nakakita ng lalaking kasing-antipatiko ng lalaking nakaharap niya. Akala siguro ay pag-aari nito ang mundo kaya puno ng kaarogantehan ang buong katawan!

Sa kabila ng mariing pagtutol niya ay nagpaalam pa rin sina Abner at Yaya Gelay. Alam niyang sinadya

iyon ng mga magulang niya para mapilitan siyang sumama kay Luke at magkasarilinan silang dalawa.

Matapos ang isang oras ay saka pa lamang siya bumaba para harapin si Luke. Sinadya niyang tagalan ang pagbibihis para inisin ang binata. Nakita niya itong inip na nakatayo sa harap ng veranda.

“Ten minutes, huh?” he said sarcastically.

“Naligo pa ako, nagesepilyo at nagbihis,” balewalang sabi niya. “You didn’t really expect that you were marrying *Supergirl*, right?”

“Not really,” anito, sabay patuyang ngumiti. “But I certainly didn’t expect that I was marrying a sexy snail.”

“Was that a compliment?”

Kumibit-balikat ito at talikod. “Not in my book.”

Naningkit ang mga mata niya. “Antipatiko!”

Nagkunwari itong hindi narinig ang sinabi niya. Binuksan nito ang passenger door ng dalang *Ford* pick-up truck, *F-150 Harley-Davidson*, at hinintay siyang makapasok bago muling isinara.

“Saan mo gustong pumunta?” tanong nito nang

makaupo sa driver seat.

“Aba’y malay ko,” pasupladang sabi niya. “Ikaw naman ang may-ari ng haciendang ito, hindi ba?”

She saw the glint of laughter in his eyes. Pero ilang sandali pa ay muling naging seryoso ang mukha nito. “Kung gayon ay pumunta na tayo sa bakahan.”

“B-bakahan? Doon tayo pupunta?” aniya na pasimpleng tiningnan ang suot na damit at sapatos. Mali yata ang naisuot niyang outfit.

“Oo. Fasten your seatbelt. Malubak ang daan patungo roon.”

“Ha? Teka...!”

“What?” yamot na sabi ni Luke na sumulyap sa kanya.

“P’wede ba tayong dumaan sa bayan?” alanganing sabi niya. “Pupunta pala tayo sa bukid. B-baka kulangin ang alcohol na dala ko.”

He looked at her as if she were an alien from outer space.

“Bakit mo kakailanganin ng alcohol sa pupuntahan natin?”

“Hindi ka ba nanonood ng TV? Germs are

Untamed Heart - Satine Ortega

everywhere. Lalo na sa mga bukid at bakahan na ganyan.”

Sinuklay nito ang ulo na tila ba pinipigilan lang ang sariling sakalin siya. Pinaandar nito ang makina ng sasakyan at tinahak ang daan patungo sa kabayanan.